**Panawagan sa mga ilalahok sa pinakamalaking gantimpala na pampanitikan sa Australia at Asia**

Tinatawagan na ngayon ang mga lahok para sa pampasinayang West Australian Premier's Australia-Asia Literary Award sa 2008.

Ang Premier's Australia-Asia Literary Award ang pinakamalaking pampanitikang gantimpala sa Australasia na nagkakahalaga ng AUD $110,000.

Ang panibagong gantimpala ay para sa isang akdang pampanitikan na kasinghaba ng isang aklat na isinulat ng isang awtor na naninirahan sa Australia o Asia, o isang akda na unang-una ay ginanap sa Australia o sa isang bansa sa Asia. Ang mga akda ay dapat na nakasulat, o nakasalin sa Ingles at nailathala sa loob ng taong 2007.

Bilang pagkilala sa lumalawak na pangingibabaw ng elektronikong media at upang bigyang-diin ang pagtuon ng Award sa kagalingang pampanitikan, anuman ang anyo; ang Award ay bukas sa anumang akdang kasinghaba ng isang aklat na kathang pampanitikan na inilimbag o elektronikong inilathala.

Lahat ng akdang ilalahok ay dapat imungkahi ng mga tagapaglathala at nakasulat sa wikang Ingles. Kung ang mananalong lahok ay isang akdang isinalin sa Ingles, ang awtor ay tatanggap ng AUD $88,000 at ang tagapagsalin sa wika, ng AUD $22,000.

Bukas na ngayon para sa mga lahok at ito ay isasara sa ika-30 ng Mayo, 2008. Maaaring i-download ang pormularyo mula sa website ng Departamento ng Kultura at Sining ng Western Australia (Western Australian Department of Culture and the Arts): http://www.dca.wa.gov.au

Ang Premier's Australia-Asia Literary Award ay bahagi ng programang *Ignite* ng Pamahalaan ni Carpenter.

Ang Ignite ay isang aktibong AUD $73 milyong pangkat ng mga inisyatibo na binalak upang pag-ibahing anyo ang sayaw, teatro, musika at mga nakikitang sining, pati na ang pagbabagong-anyo sa kultural na kapaligiran ng Western Australia.

Kalakip nito ang mga tuntunin at ang pormularyo sa paglahok (nakasulat sa Ingles). Kung kailangan ninyo ng higit pang impormasyon, mangyari lamang na mag-email sa literaryawards@dca.wa.gov.au